No. 26.3
Epektibo sa: 2/1/20

LUNGSOD NG MILPITAS, CALIFORNIA
STANDARD OPERATING PROCEDURE

PAKSA: PATAKARAN SA PAGPUTOL NG SERBISYO NG TUBIG NG MGA RESIDENTE

1. **Ang Paggamit ng Patakaran.** Ang Patakarang ito sa Pagputol ng Serbisyo ng Tubig ng mga residente (ang "Patakaran" na ito) ay dapat gamitin sa lahat ng mga account sa Lungsod para sa serbisyo ng tubig ng mga residente, ngunit hindi dapat gamitin sa anumang mga account na hindi para sa mga residente. Kapag ang Patakarang ito ay sumalungat sa anumang tuntunin, regulasyon, o mga patakaran ng Lungsod, ang patakarang ito ang mananaig.

2. **Impormasyon ng Kontak.** Para sa mga katanungan o tulong patungkol sa iyong bayarin sa tubig, ang mga kawani ng Customer Service ng Lungsod ay maaaring matawagan sa (408) 586-3100. Maaari ring bisitahin sa personal ng mga kostumer ang desk ng Customer Service ng Lungsod mula Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon, maliban sa mga piyesta opisyal ng Lungsod.

3. **Proseso ng Pagbabayad.** Ang mga bayarin sa serbisyo ng tubig ay binabayaran sa Lungsod isang beses sa bawat dalawang buwan o sa iba pang dalas na pagpapasiyahan ng Konseho ng Lungsod paminsan-minsan. Ang lahat ng mga bayarin sa serbisyo ng tubig ay dapat bayaran sa loob ng dalawampu't isang (21) araw pagkatapos ipadala ng Lungsod ang bill sa pamamagitan ng koreo o e-mail. Ang anumang mga bayarin na hindi nabayaran sa loob ng nasabing panahon ay itinuturing na delingkuwente.

4. **Pagputol ng Serbisyo ng Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad** Kung ang isang bayarin ay hindi nababayaran sa loob ng hindi bababa sa animnapu't tatlong (63) araw, ang Lungsod ay maaaring putulin ang serbisyo ng tubig sa address ng serbisyo.

4.1 Nakasulat na Abiso sa Kostumer. Magbibigay ang Lungsod ng Mga Paalala sa Abiso sa nakatalang kostumer sa pamamagitan ng koreo nang hindi bababa sa labinglimang (15) araw bago ang pagputol ng serbisyo sa tubig. Maglalaman ang Paalala sa Abiso ng:

(a) pangalan at tirahan ng kostumer;

(b) halaga ng hindi nabayaran;

(c) petsa kung kailan dapat gawin ang pagbabayad o ang mga pakikipag-ayos ng pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo;

(d) proseso kung saan ang kostumer ay maaaring simulan ang isang reklamo o humiling ng isang pagsisiyasat o apela hinggil sa serbisyo o bayarin, maliban na lamang kung isinama ito sa mga bayarin sa tubig;

(e) isang paglalarawan ng proseso kung saan maaaring humiling ang kostumer ng isang alternatibong pakikipag-ayos ng pagbabayad, na maaaring magsama ng isang ekstensiyon o alternatibong iskedyul ng pagbabayad;

(f) proseso para sa kostumer upang makakuha ng impormasyon tungkol sa tulong pinansyal, kung naaangkop; at

(g) ang numero ng telepono kung saan ang kostumer ay maaaring humiling ng pakikipag-ayos ng pagbabayad o makatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Lungsod.

4.2 Huling Abiso sa Mga Kostumer at Nakasulat na Abiso sa mga Residente o Nangungupahan.

(a) Ipadadala ng Lungsod ang mga Huling Abiso sa mga nakatalang kostumer nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago putulin ang serbisyo ng tubig.

(b) Ang Lungsod ay magpapadala din ng isang abiso sa mga naninirahan sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagputol ng serbisyo ng tubig sa ilalim ng mga sumusunod na pangyayari: (1) nagbibigay ang Lungsod ng tig-iisang serbisyo na naka-metro sa tirahang may iisang pamilya, maraming unit na istruktura ng mga tirahan, parke ng mga mobile home, o kampo ng mga nagtarabaho sa bukid at ang may-ari, tagapamahala, o operator ay ang nakatalang kostumer; o (2) ang address ng tirahan ng nakatalang kostumer ay hindi pareho sa address ng serbisyo. Ang abiso ay ia-address sa "Residente," maglalaman ng impormasyong kinakailangan sa Seksyon 4.1 sa itaas, at ipapaalam sa mga residenteng nakatira na mayroon silang karapatang maging mga kostumer ng Lungsod nang hindi kinakailangang bayaran ang halagang nararapat bayaran sa delingkuwenteng account. Ang mga tuntunin at kundisyon para maging mga customer ng Lungsod ang mga residente ay nakasaad sa Seksyon 8 sa ibaba.

(c) Kung ang Lungsod ay nagkakaloob ng tubig sa pamamagitan ng isang master meter sa isang maraming unit na istruktura ng mga tirahan, parke ng mga mobile home , o permanenteng mga istraktura ng tirahan sa isang kampo ng mga manggagawa at ang may-ari, tagapamahala, o operator ay ang nakatalang kostumer, ang Lungsod ay gagawa ng isang mabuting pagsisikap na ipaalam sa mga residente, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso na ipo-post sa pintuan ng bawat yunit ng tirahan nang hindi bababa sa labinlimang (15) araw bago putulin ang serbisyo, na ang account ay may utang at ang serbisyo ay puputulin sa petsang nakasaad sa abiso. Kung hindi makatwiran o praktikal na mag-post ng abiso sa pintuan ng bawat yunit, ang Lungsod ay magpo-post ng dalawang (2) kopya ng abiso sa bawat madaling makita na karaniwang lugar at sa bawat lugar na madadaanan papunta sa istraktura o mga istraktura. Ipapaalam ng abiso sa mga residente na may karapatan silang maging mga kostumer ng Lungsod nang hindi kinakailangang bayaran ang halaga na hindi binayaran sa delingkuwenteng account. Babanggitin din sa abiso kung ano ang kinakailangang gawin ng mga residente upang maiwasan ang pagpuputol, o ang pagbabalik ng serbisyo; ang tinantyang buwanang halaga ng serbisyo; ang title, tirahan, at numero ng telepono ng isang kinatawan ng Lungsod na maaaring makatulong sa mga residente sa pagpapatuloy ng serbisyo; at ang tirahan o numero ng telepono ng isang kwalipikadong proyekto ng ligal na serbisyo na inirerekomenda ng samahan sa bar ng lokal na county . Ang mga tuntunin at kundisyon para maging mga kostumer ng Lungsod ang mga residente ay nakasaad sa Seksyon 8 sa ibaba.

(d) Susuriin ng Lungsod ang multa na 5% sa oras ng pagpapalabas ng Abisong Paalala at isang karagdagang multa na 5% sa oras ng pagpapalabas ng Huling Abiso.

4.3 Abiso sa Personal o sa Telepono. Ang Lungsod ay gagawa din ng isang makatwiran at walang masamang hangaring pagsisikap na makipag-ugnay sa nakatalang kostumer o may sapat na gulang na nakatira sa lugar ng kostumer nang personal o sa pamamagitan ng telepono nang hindi bababa sa pitong (7) araw na may trabaho bago putulin ang serbisyo. Ang Lungsod ay mag-aalok na magbigay ng nakasulat na kopya ng Patakaran na ito at upang talakayin ang mga pagpipilian para maiwasan ang pagputol ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad, kasama ang posibilidad na isang ekstensiyon o iba pang pakikipag-ayos ng pagbabayad.

4.4 Pagpo-post ng Abiso sa Address ng Serbisyo. Kung ang Lungsod ay hindi nakapag-ugnay sa customer o isang taong may sapat na gulang na naninirahan sa address ng serbisyo nang personal o sa pamamagitan ng telepono, ang Lungsod ay gagawa ng isang walang masamang hangaring pagsisikap na mag-iwan ng abiso ng napipintong pagputol ng serbisyo sa mga residente at isang kopya ng Patakarang ito sa isang lugar na madaling makita sa address ng serbisyo. Ang abiso at kopya ng Patakarang ito ay iiwanan sa tirahan nang hindi bababa sa apatnapu't walong (48) oras bago putulin ang serbisyo. Susuriin ng Lungsod ang singilin sa serbisyo para sa abisong ito. Ang abiso ay maglalaman ng:

(a) pangalan at tirahan ng kostumer;

(b) halaga ng hindi nabayaran;

(c) ang petsa kung saan dapat gawin ang pagbabayad o ang mga pakikipag-ayos ng pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo;

(d) ang proseso para makakuha ng impormasyon ang kostumer tungkol sa tulong pinansyal, kung naaangkop; at

(e) ang numero ng telepono kung saan maaaring humiling ng pag-aayos ng pagbabayad o makatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Lungsod ang kostumer.

4.5 Mga Pagkakataon Kung Saan ang Serbisyo Ay Hindi Puputulin. Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa mga residente dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na pagkakataon:

(a) Habang sinisiyasat ng Lungsod ang isang hindi pagkakaunawaan o reklamo ng kostumer sa ilalim ng Seksyon 5.1 sa ibaba;

(b) Habang hinihintay ang resulta ng isang apela sa Konseho ng Lungsod sa ilalim ng Seksyon 5.3 sa ibaba; o

(c) Habang hinihintay ang pag-apruba ng Lungsod sa ekstensiyon o alternatibong iskedyul ng pagbabayad ng kostumer sa ilalim ng Seksyon 6 sa ibaba, at ang kostumer ay nananatiling sumusunod sa aprubadong pakikipag-ayos ng pagbabayad.

4.6 Mga Pagkakataon Kung Saan Ang Serbisyo na Gumagamit ng Master na Metro ay hindi Puputulin.Kung ang Lungsod ay nagkakaloob ng tubig sa pamamagitan ng master na metro sa maraming unit na istruktura ng mga tirahan, parke ng mga mobile home, o sa mga nakapermanenteng istraktura na mga tirahan sa isang kampo ng mga manggagawa at ang may-ari, tagapamahala o operator ng tirahan, istraktura, o parke ay ang nakatalang kostumer, ang Lungsod ay hindi puputulin ang serbisyo ng tubig sa mga residente dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na pagkakataon:

(a) Kapag ang pagkakautang ng kostumer ay utang sa ibang pampublikong ahensya, o kung ang tungkulin na kinakatawan ng delingkuwenteng account o pagkautang ay natamo sa anumang pampublikong ahensya maliban sa paggamit ng tubig ng Lungsod;

(b) Kung ang isang delingkuwenteng account ay nauugnay sa isa pang pag-aari, pinamamahalaan, o ino-operate ng kostumer ;

(c) Kung ang isang opisyal ng pampublikong kalusugan o ng gusali ay nagpapatunay na ang pagpuputol ng serbisyo ay magreresulta sa isang malaking banta sa kalusugan o kaligtasan ng mga residente o sa publiko.

4.7 Mga Espesyal na Medikal at Pinansiyal na Pagkakataon Kung Saan Hindi Puputulin ang Serbisyo.

(a) Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung ang lahat ng mga sumusunod na kundisyon ay natutugunan:

(i) Ang kostumer, o isang nangungupahan sa kostumer, ay nagsusumite sa Lungsod ng sertipikasyon ng isang lisensyadong pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga na ang pagputol ng serbisyo ng tubig ay nagbabanta sa buhay, o magdudulot ng isang seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang residente ng lugar kung saan ibinibigay ang serbisyo sa mga nakatira;

(ii) Ipinakikita ng kostumer na hindi niya kayang magbayad ng serbisyo ng tubig sa loob ng normal na siklo ng bayarin sa Lungsod. Ang kostumer ay itinuturing na hindi kayang magbayad sa normal na siklo ng bayarin kung: (a) may sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer na isang kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/Programa na Supplementary Payment ng Estado, o Ang Program ng California na Espesyal na Karagdagang Nutrisyon para sa Babae, Mga Sanggol, at Mga Bata, o (b) ipinapahayag ng kostumer sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng pederal na lebel ng kahirapan; at

(iii) Ang kostumer ay handang pumasok sa isang alternatibong pakikipag-ayos ng pagbabayad, kabilang ang isang ekstensiyon o alternatibong iskedyul ng pagbabayad tungkol sa mga delingkuwenteng bayarin.

(b) Para sa sinumang mga kostumer na makakatugon sa lahat ng mga kundisyon sa itaas, aalukin ng Lungsod ang kostumer ng isa sa mga sumusunod na pagpipilian, na pipiliin ng Lungsod sa pagpapasiya nito: (1) isang ekstensiyon ng pagbabayad; o (2) isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad. Ang Direktor ng Pananalapi ng Lungsod ang siyang pipili ng pinaka-angkop na pakikipag-ayos ng pagbabayad, isinasaalang-alang ang mga impormasyon at dokumentasyon na ibinigay ng kostumer, pati na rin ang mga pangangailangan ng Lungsod sa pagbabayad.

(c) Ang kostumer ay responsable para sa pagpapakita na ang mga kundisyon sa subseksyon (a) ay natutugunan. Pagkatanggap ng dokumentasyon mula sa kostumer, susuriin ng Lungsod ang dokumentasyon sa loob ng pitong (7) araw at: (1) abisuhan ang kostumer ng pinili ng Lungsod na alternatibong pakikipag-ayos ng pagbabayad at hilingin ang pirmadong pahintulot ng kostumer na lumahok sa alternatibong pag-aayos; (2) humiling ng karagdagang impormasyon mula sa kostumer; o (3) abisuhan ang kostumer na hindi niya natugunan ang mga kundisyon sa subseksyon (a).

(d) Maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig kung ang isang kostumer na nabigyan ng alternatibong pag-aayos ng pagbabayad sa ilalim ng seksyong ito ay hindi nagagawa ang alinman sa mga sumusunod sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa: (a) na bayaran ang kanyang utang sa pinalawig na petsa ng pagbabayad; (b) na bayaran ang anumang halaga na dapat nang bayaran sa ilalim ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad; o (c) na bayaran ang kanyang current na bayarin para sa serbisyo ng tubig. Ang Lungsod ay magpo-post ng isang babala na abiso na may layuning putulin ang serbisyo sa isang hayag at madaling makitang lugar sa address ng serbisyo ng hindi bababa sa limang (5) araw na may trabaho bago putulinang serbisyo. Ang huling abiso ay hindi magpapahintulot sa customer sa anumang pagsisiyasat o pagsusuri ng Lungsod.

4.8 Oras ng Pagputol At Pagbabalik ng Serbisyo. Puputulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa oras ng trabaho lamang.

4.9 Pagbabalik ng Serbisyo. Ang mga kustomer na ang serbisyo ng tubig ay naputol ay maaaring makipag-ugnay sa Lungsod sa pamamagitan ng telepono o sa personal patungkol sa pagbabalik ng serbisyo. Ang pagbabalik ay isasailalim sa pagbabayad ng: (a) anumang halagang lagpas na sa taning na, kasama ang mga naaangkop na multa; (b) ang anumang mga bayad sa muling pagkonekta na inaprubahan ng Konseho ng Lunsod sa pamamagitan ng pagpapatibay ng Iskedyul ng Master Fee, na napapailalim sa mga limitasyon sa Seksyon 7.1, kung naaangkop; (c) at isang deposito ng seguridad, kung hinihingi ng Lungsod.

5. **Mga Proseso sa Pagsalungat o Apela sa Bayarin.**

5.1 Oras upang Simulan ang Reklamo o Humiling ng isang Pagsisiyasat. Ang isang kostumer ay maaaring magprotesta ng halaga ng kanyang babayaran sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang nakasulat na reklamo o kahilingan para sa isang pagsisiyasat sa loob ng labinlimang (15) araw pagkatapos ng pagpapakita o pagpapadala ng bill sa kostumer sa pamamagitan ng koreo, alinman ang nauna.

5.2 Pagsusuri ng Lungsod. Ang isang napapanahong reklamo o kahilingan para sa pagsisiyasat ay dapat suriin ng isang manager ng Kagawaran ng Pananalapi, na magbibigay ng isang nakasulat na pagpapasiya sa kostumer . Ang pagsusuri ay sasamahan ng pagsasaalang-alang kung ang kostumer ay maaaring makatanggap ng isang extension, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, sa ilalim ng Seksyon 6 Ang Lungsod ay maaaring, ayon sa pagpapasiya nito, suriin ang mga hindi napapanahong reklamo o mga kahilingan para sa isang pagsisiyasat; gayunpaman, ang mga naturang reklamo o kahilingan ay hindi napapailalim sa apela

5.3 Apela sa Konseho ng Lungsod. Ang sinumang customer na ang napapanahong reklamo o kahilingan para sa isang pagsisiyasat alinsunod sa Seksyon 5 na ito ay nagresulta sa masamang pagpapasiya ay maaaring mag-apela ng pagpapasiya sa Konseho ng Lungsod sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang nakasulat na abiso ng apela sa kleriko ng lungsod sa loob ng sampung (10) araw na may trabaho mula sa pagpapadala sa pamamagitan ng koreo ng kapasiyahan ng Lungsod. Kapag natanggap na ang abiso ng apela, itatakda ng Kleriko ng Lungsod na matalakay ito sa darating na pulong ng Konseho ng Lungsod at ipadadala sa kostumer sa pamamagitan ng koreo ang nakasulat na abiso ng oras at lugar ng pagdinig nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagpupulong. Ang desisyon ng Konseho ng Lungsod ang masusunod.

6. **Mga Ekstensiyon at Iba pang Mga Alternatibong Pakikipag-ayos ng Pagbabayad.**

6.1 Oras ng Paghiling ng isang Ekstensiyon o Iba pang Alternatibong Pakikipag-ayos ng Pagbabayad. Kung ang isang kostumer ay hindi makabayad ng isang bayarin sa normal na oras ng pagbabayad, ang kostumer ay maaaring humiling ng isang ekstensiyon o iba pang alternatibong pakikipag-ayos ng pagbabayad na inilarawan sa Seksyon 6. Kung ang isang kostumer ay nagsumite ng kanyang kahilingan sa loob ng labintatlong (13) araw pagkatapos ng pagpapadala sa pamamagitan ng koreo ng isang nakasulat na abiso ng pagputol ng serbisyo ng Lungsod, susuriin ang kahilingang ito ng isang tagapamahala ng Kagawaran ng Pananalapi. Ang mga pagpapasiya ng lungsod tungkol sa mga ekstensiyon at iba pang mga alternatibong pakikipag-ayos ng pagbabayad ang siyang mananaig at hindi mapapailalim sa apela sa Konseho ng Lungsod.

6.2 Ekstensiyon. Kung aaprubahan ng Lungsod, ang pagbabayad ng isang kostumer ng kanyang hindi nabayarang balanse ay maaaring pansamantalang palawigin nang hindi lalampas sa anim (6) na buwan matapos ang orihinal na petsa na dapat bayaran ang balanse. Dapat tukuyin ng Direktor ng Pananalapi ng Lungsod, sa kanyang pagpapasiya, kung gaano katagal ang ekstensiyong dapat ibigay sa kostumer. Dapat bayaran ng kostumer ang buong balanse na hindi bayad kasama ang mga multa sa petsa na itinakda ng Lungsod at dapat manatiling current ang lahat ng mga bayarin sa serbisyo ng tubig na maiipon sa mga susunod na bayarin. Ang pinalawig na petsa ng pagbabayad ay itatakda na nakasulat at ibibigay sa kostumer.

6.3 Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad. Kung naaprubahan ng Lungsod, ang isang kostumer ay maaaring magbayad ng kanyang hindi bayad na balanse kasama ang multa ayon sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad na hindi lalampas sa labing dalawang (12) buwan, na tinukoy ng Direktor ng Pananalapi ng Lungsod sa kanyang pagpapasiya. Kung naaprubahan, ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad ay maaaring payagan ang pana-panahong pagbabayad ng buo na hindi sabay sa itinakdang petsa ng pagbabayad ng Lungsod o maaaring magbigay ng mga bayad na higit na madalas o hindi madalas, kaysa sa regular na petsa ng pagbabayad sa Lungsod. Sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad, dapat manatiling current ang kostumer sa lahat ng mga bayarin sa serbisyo ng tubig na maiipon sa anumang susunod na mga pagbabayad. Ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad at halaga na dapat bayaran ay itatakda na nakasulat at ibibigay sa kostumer.

6.4 Pagkabigong Tumupad. Kung ang isang kostumer ay nabigyan ng isang pakikipag-ayos ng pagbabayad sa ilalim ng Seksyon 6 at hindi tumupad na: (1) bayaran ang mga hindi bayad na bayarin sa petsa ng pagpapalawig; o (2) magbayad ng halaga na dapat bayaran sa ilalim ng isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad; pagkatapos ay maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig. Ang Lungsod ay magpo-post ng huling abiso na may layuning putulin ang serbisyo sa isang hayag at madaling makitang lokasyon sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa limang (5) araw na may trabaho bago putulin ang serbisyo. Ang panghuling abiso ay hindi magpapahintulot sa kostumer ng anumang pagsisiyasat o pagsusuri ng Lungsod.

7. Mga Partikular na Programa para sa Mga Kustomer na Mababa ang Kita.

7.1 Mga Limitasyon sa Bayad ng Muling Pagbabalik ng Serbisyo. Para sa mga kostumer na naninirahan na nagpapakita sa Lungsod na ang kita ng sambahayan ay mababa sa 200 porsyento ng pederal na lebel ng kahirapan, ang Lungsod aymaglilimita ng anumang mga bayarin sa pagbabalik ng serbisyo sa mga normal na oras ng trabaho na hanggang limampung dolyar ($50), at sa mga oras na hindi oras ng trabaho, na hanggang isang daan at limampung dolyar ($150) para sa 2020. Iaaplay lamang ang mga limitasyon kung ang mga bayarin sa pagbabalik ng serbisyo ng Lungsod ay lumampas sa mga halagang ito. Ang mga limitasyong ito ay napapailalim sa isang taunang pagsasaayos para sa mga pagbabago sa Statistics ng Bureau of Labor ng Consumer Price Index for All Urban Consumers (CPI-U) simula Enero 1, 2021.

7.2 Mga Kwalipikasyon. Itinuturing ng Lungsod ang isang residente ng tirahan na may kita sa sambahayan na mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na lebel ng kahirapan kung: (a) may sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORK, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Karagdagang Kita para sa Seguridad/Ang Programa ng Karagdagang Pagbabayad ng Estado, o Programa ng California na Espesyal na Karagdagang Nutrisyon para sa Babae, Mga Sanggol, at Mga Bata, o (b) ipinahahayag ng kostumer sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng pederal na lebel ng kahirapan.

8. Mga Proseso para sa mga Residente o Nangungupahan upang Maging Mga Kostumer ng Lungsod.

8.1 Paggamit. Ang Seksyon 8 na ito ay maari lamang gamitin kapag ang nagmamay-ari ng ari-arian, may-ari ng lupa, tagapamahala, o operator sa isang tirahan ng serbisyo sa mga

residente ay nakalista bilang nakatalang kostumer at binigyan ng abiso na may layuning putulin ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad.

8.2 Kasunduan sa Mga Tuntunin at Kundisyon ng Serbisyo ng Lungsod. Ipagkakaloob ng Lungsod ang serbisyo sa mga aktwal na residente na naninirahan kung ang bawat residente ay sumasang-ayon sa mga tuntunin at kundisyon ng serbisyo at tinutugunan ang mga iniaatas ng ordinansa ng Lungsod. Gayunpaman, kung ang isa o higit pa sa mga nakatira ay ninanais at kayang panagutan ang mga responsibilidad para sa kasunod na bayarin sa account sa kasiyahan ng Lungsod, o kung mayroong isang pisikal na paraan, na ligal na magagamit ng Lungsod, ng piniling pagputol sa serbisyo sa mga residente na hindi natugunan ang mga iniaatas na mga alituntunin at regulasyon ng Lungsod, ibibigay ng Lungsod ang serbisyo upang magamit ng mga residente na natugunan ang mga kinakailangang iyon.

8.3 Ang Pagpapatunay ng Pangungupahan. Upang maging karapat-dapat na maging isang kostumer nang hindi binabayaran ang halaga na delingkuwente, dapat masiguro ng residente na ang nakatalang kostumer ng delingkuwenteng account ay ang may-ari o dating may-ari ng lupa, tagapamahala, o ahente ng tirahan. Maaaring isama sa pagpapatunay, ngunit hindi limitado, ang isang kasunduan sa pangungupahan, mga resibo sa pangungupahan, isang dokumento ng gobyerno na nagpapahiwatig na ang residente ay inuupahan ang ari-arian, o impormasyon na isiniwalat alinsunod sa Seksyon 1962 ng Civil Code, sa pagpapasiya ng Lungsod.

9. **Ang Serbisyo ng Abiso ng Third-party ng Mga Matatanda at mga nasa edad na Dumedepende.** Ibibigay ng Lungsod, sa mga residenteng kostumer na 65 taong gulang o mas matanda, o kung sino ang nasa edad na umaasa sa iba (tulad ng tinukoy sa Welfare and Institutions Code Seksyon 15610 (b) (1)), ang isang serbisyo ng abiso ng third-party kung saan susubukan ng Lungsod na ipaalam sa isang tao na itinalaga ng kostumer na tumanggap ng abiso kapag ang account ng kostumer ay lampas na sa takdang petsa at dapat nang putulin. Kasama sa abiso ang impormasyon kung ano ang kinakailangan upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo. Ipadadala ng Lungsod ang abiso sa pamamagitan ng koreo sa itinalagang third party nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago putulin ang serbisyo. Upang makilahok, dapat magsumite ang isang kostumer ng isang kahilingan ng abiso ng third-party gamit ang isang form na ibinigay ng Lungsod, at dapat isama ang nakasulat na pahintulot ng itinalagang third party. Ang serbisyo ng abiso ay hindi inoobliga ang third party na bayaran ang bayaring lampas na sa takdang petsa, at hindi rin makakaiwas o makakaantala sa pagputol ng serbisyo.

10. **Wika para sa Ilang Nakasulat na Abiso.** Lahat ng nakasulat na mga abiso sa ilalim ng Seksyon 4 at Seksyon 6.6 ng Patakarang ito ay dapat ipagkaloob sa Ingles, Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese, Koreano, at anumang iba pang wikang ginagamit ng sampung porsyento (10%) o higit pang mga tao sa loob ng sineserbisyuhang lugar ng Lungsod.

11. **Iba pang mga Remedyo.** Bilang karagdagan sa pagputol ng serbisyo ng tubig, maaaring ituloy ng Lungsod ang anumang mga remedyo na magagamit sa batas o karapatan para sa hindi pagbabayad ng mga singil sa serbisyo ng tubig, kasama ang, ngunit hindi limitado sa: paniniguro sa mga delingkuwenteng account sa pamamagitan ng pagsusumite ng mga karapatan sa pag-aari ng real property ng may utang, pagsampa ng isang paghahabol o ligal na pagkilos, o pag-iindorso ng hindi bayad na halaga sa mga ahensya ng koleksyon. Kung sakaling ang isang ligal na aksyon

ay napagpasiyahan na pabor sa Lungsod, ang Lungsod ay may karapatan sa kabayaran ng lahat ng mga gastos, kabilang ang mga bayad sa abogado, at naipon na interes.

12. **Pagputol ng Serbisyo ng Tubig Dahil sa Iba pang mga paglabag ng kostumer.** May karapatan ang Lungsod na putulin ang serbisyo ng tubig dahil sa mga paglabag sa mga ordinansa, alituntunin, o regulasyon ng Lungsod maliban sa hindi pagbabayad.

13. **Mga Bayaring Nagastos.** Maliban na lang kung hindi malinaw na isinasaad sa Patakarang ito, ang anumang mga bayarin at singil na nagastos ng isang kostumer sa ilalim ng anumang mga alituntunin, regulasyon, o mga patakaran ng Lungsod, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga delingkuwenteng halaga, ay dapat bayaran tulad ng nakasaad doon.

14. **Mga Kapasiyahan ng Kawani ng Lungsod.** Ang anumang kapasiyahan na maaaring gawin ng Direktor ng Pananalapi ng Lungsod sa ilalim ng Patakarang ito ay maaaring gawin ng kanyang itinalaga.